STATE OF WASHINGTON
DEPARTMENT OF SOCIAL AND HEALTH SERVICES
DIVISION OF CHILD SUPPORT (DCS)

IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGPAPATUPAD NG SUSTENTO NG MGA HINDI TUMATANGGAP NG TULONG PAMBAYAN

NONASSISTANCE SUPPORT ENFORCEMENT INFORMATION

(RCW 34.05 AT RCW 74.20A)

ANG MGA PANIG SA INYONG UTOS NG SUSTENTO

Ang mga panig sa inyong utos ng sustento ay ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata at ang magulang na tagapag-alaga ng (mga) bata. Ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ang kailangang magbayad ng sustento. Ang magulang na tagapag-alaga ng (mga) bata ay ang karaniwang kapisan ng (mga) bata.

DIVISION OF CHILD SUPPORT

Ang Division of Child Support (DCS) ay may punong-tanggapan sa Olympia at may siyam na sangay sa lahat ng dako ng estado. Pinamamahalaan at pinatutupad ng DCS ang mga kaso ng sustento sa bata. Para ipatupad ng DCS ang inyong utos ng sustento, ang isa sa mga panig sa inyong utos ng sustento ay kailangang humiling ng pagpapatupad ng sustento sa pamamagitan ng sulat. Pagkatapos matanggap ang inyong paghiling ng mga serbisyo, itatalaga ng DCS ang inyong kaso sa sangay na tanggapan nito na saklaw ang lugar kung sasn nakatira and magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata.

Kung inuutos ng inyong utos ng sustento na ang babayaran ay ang Washington State Support Registry (tingnan ang kasunod na seksiyon) pero ang DCS ay hindi tumanggap ng paghiling ng mga serbisyo, ang DCS ay magbubukas ng isang Payment Services Only (PSO) case para saan inyo. Ang DCS ay nagpoprocess at itinatala lamang ang mga bayad sa sustento para sa mga kasong PSO.

WASHINGTON STATE SUPPORT REGISTRY

Ang Washington State Support Registry (WSSR) ay isang bahagi ng DCS na nagtatala at namamahagi ng mga bayad sa sustento. Itatala ng DCS sa WSSR ang inyong utos ng sustento. Itatala ng DCS sa WSSR ang inyong utos ng sustento kapag nangyari ang isa sa mga sumusunod.

1. Hilingin sa DCS ng alinman sa mga panig ng inyong utos ng sustento ang mga serbisyo ng pagpapatupad ng sustento.

2. Ang inyong utos ng sustento ay inuutusan ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata na ipadala ang bayad sa WSSR.

PAGKAKATAWAN

Ang DCS at ang lahat ng tanggapan ng Attorney General at ng Prosecuting Attorney na nakikipagtulungan sa DCS ay kumakatawan sa Kagawaran ng mga Lingkurang Panlipunan at Pangkalusugan. Ang mga tanggapang ito ay hindi kumakatawan sa alinman sa mga panig ng inyong utos ng sustento.

MGA KINAKAILANGAN PARA SA PAGTANGGAP NG MGA SERBISYONG PAGPAPATUPAD NG SUSTENTO NG MGA HINDI TUMATANGGAP NG TULONG PAMBAYAN

Kung ang mga bata para kanino kayo humihiling ng mga serbisyo ng pagpapatupad ng sustento ay tumatanggap ng tulong pambayan mula sa Estado ng Washington, ang DCS ay nagbibigay na ng mga serbisyo.

Kung kayo ay hindi ang legal na tagapag-alaga ng mga bata para kanino kayo humihiling ng mga serbisyong ng sustento, dapat ninyong ipahayag na ang mga bata ay hindi ninyo hinihiwalay sa masamang paraan mula sa magulang na legal na tagapag-alaga.

MGA PAGDINIG

Ang magkabilang panig sa inyong utos ng sustento ay puwedeng makisali sa mga pagdinig na isinasagawa alinsunod sa Chapter 34.05 RCW na tungkol sa inyong utos ng sustento. Ang alinman sa magkabilang panig ay puwedeng dumalo sa pagdinig nang personal o sa pamamagitan ng telepono. Ang mga pagdinig ay may epekto sa inyong sustento. Kung kayo ay hindi sasali sa pagdinig, puwedeng ipagkaloob ng Hukom para sa Batas Admininstratibo ang mga kahilingan ng DCS o ng kabilang panig sa inyong utos ng sustento nang walang karagdagang pagpapatalastas sa inyo. Baka sakaling naisin ninyong kumuha ng abogado na kakatawan sa inyo sa isang pagdinig.

IMPORMASYON TUNGKOL SA TRIBE

Maliban kung may kasunduan ang DCS at ang tribe, ang mga pagpapatupad at pagsingil ng sustento na nakasulat sa form na ito ay hindi naaangkop sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga tribe, mga negosyo na tribe ang may-ari, o mga negosyo na Indian ang may-ari na nasa loob ng mga reservation. Kung ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay isang empleyado ng isang Indian tribe, negosyo na tribe ang may-ari, o negosyo na Indian ang may-ari na nasa loob ng reservation, ang DCS ay puwedeng:

1. Hilingin sa tribe na ipatupad ang utos ng sustento. Gagawin lamang ito ng DCS kung ang Estado ng Washington at ang tribe ay may paraan para gawin ito.

2. Magharap ng sakdal sa tribal court para magtatag ng utos ng sustento o ipatupad ang utos ng sustento. Kung ang DCS ay maghaharap ng sakdal sa tribal court, puwedeng gamitin ng DCS ang mga paraang nakasulat sa mga kasunduan sa pagitan ng Estado ng Washington at ng mga Indian tribe o gamitin nito ang mga umiiral na paraan ng tribal court.

Maaaring ipadala ng DCS ang inyong kaso sa isang tribal enforcement unit kung ang alinman sa mga sumusunod ay naaangkop sa inyong kaso.

1. Ang alinman sa mga panig ng inyong utos ng sustento o ang inyong mga anak ay mga miyembro ng isang Indian Tribe.

2. Ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay isang empleyado ng isang Indian Tribe, negosyo na tribe ang may-ari, o ng negosyo na Indian ang may-ari na nasa loob ng isang reservation.

MGA SERBISYONG PAGPAPATUPAD NG SUSTENTO

Kung kayo ay may utos ng sustento na itinatakda ang halaga ng sustento, sisikapin ng DCS na singilin ang halagang iyon. Sa mga ibang kaso, dapat patalastasan ng DCS ang magkabilang panig bago simulan ang pagsingil.

Kung kayo ay walang utos ng sustento o kung ang inyong utos ng sustento ay hindi binabanggit ang sustento sa bata at sustento na pangmedikal, patatalastasan ng DCS ang magkabilang panig sa utos ng sustento. Itatakda ng DCS sa patalastas ang mga halaga ng sustento sa bata at sustento na pangmedikal na tulad ng kinakailangan. Ang halaga ng sustento ay ibabatay ng DCS sa pinagsamang kita ng magkabilang panig at kung ilan ang mga bata. Ang halaga ng sustento na pangmedikal ay hindi puwedeng humigit sa 25 porsiyento ng halaga ng sustento sa bata.

Kung ang inyong utos ng sustento ay hindi nagtatakda ng pihong halaga, ang DCS ay magpapadala ng ***Patalastas Tungkol Sa Utang Na Sustento*** sa magkabilang panig ng inyong utos ng sustento.

1. Sa patalastas na ito ay magtatakda ng pihong halaga ang DCS. Ang alinman sa magkabilang panig ng inyong utos ng sustento ay puwedeng humiling ng isang pagdinig para labanan ang halaga ng sustento na itinatakda ng DCS.

2. Ang DCS ay maaaring makipagkasundo sa magkabilang panig ng inyong utos ng sustento tungkol sa halaga ng sustento.

Sa oras na itinakda ang halaga ng sustento at kung alam ng DCS ang pinagtatrabahuhan ng magulang na hindi tagpag-alaga ng (mga) bata, ang DCS ay magpapadala ng ***Utos/ Notisya ng Pagbawas sa Kita Para sa Sustento para sa Bata*** sa pinagtatrabahuhan nitong magulang. Ang patalasatas na ito ay inuutusan ang pinagtatrabahuhan na bawasin ang sustento sa suweldo ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata. Kung hindi alam ng DCS kung sino ang pinagtatrabahuhan ng magulang na ito, sisikaping alamin ng DCS kung saan nagmumula ang mga suweldo o kinikita at sisikapin nitong singilin ang inyong sustento.

Kung kayo ay may health insurance para sa mga bata at ayaw ninyong magtatag ang DCS ng iniiutos na sustentong pangmedikal o ipatupad ito, dapat ninyong ipabatid ito sa DCS sa pamamagitan ng isang sulat. Kung hindi ninyo gagawin ito, gagawin ng DCS ang isa sa mga sumusunod.

1. Kung kayo ay may utos ng sustento na inuutusan ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata na pagkalooban ng health insurance ang inyong mga anak, sisikapin ng DCS na ipatupad ang inuutos na sustentong pangmedikal.

2. Kung kayo ay may utos ng sustento na hindi inuutusan ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata na pagkalooban ng health insurance ang inyong mga anak, maaaring sikapin ng DCS na baguhin ang inyong utos ng sustento.

3. Kung kayo ay walang utos ng sustento, isasama ng DCS sa patalastas na nagtatakda ng halaga ng sustento ang utos sa magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata na pagkalooban ng health insurance ang inyong mga anak.

Kung kayo at ang kabilang panig sa inyong utos ng sustento ay hindi kinasal sa isa't isa, at:

1. Ang ama ay hindi lumagda sa isang ***Apidabit ng Pagkaama***, ang isang hukuman ng estado o tribal court ang dapat magpasiya kung sino ang legal na ama. Ipadadala ng DCS ang inyong kaso sa isang prosecuting attorney, tribal court, o tanggapan ng Attorney General para asikasuhin.

2. Ang ama ay lumagda at nag-file ng isang ***Apidabit ng Pagkaama***, ang DCS ay maaaring makakuha ng utos ng sustento na hindi dumaan sa hukuman.

Kung ang kabilang panig sa inyong utos ng sustento ay humiling sa DCS ng ganap na mga serbisyong pagpapatupad ng sustento, puwedeng gawin ito ng DCS kahit na ayaw ninyo ang mga serbisyong ito.

Kung ang alinman sa magkabilang panig sa utos ng sustento ay hindi naninirahan sa Estado ng Washington, ang DCS ay magbibigay ng mga serbisyong pagpapatupad ng sustento kung parehong totoo ang mga sumusunod.

1. Ang alinman sa magkabilang panig sa utos ng sustento ay hindi tumatanggap mula sa ibang estado ng mga serbisyong pagpapatupad ng sustento.

2. Ang magulang na hindi tagpag-alaga ng (mga) bata ay may kontak sa Estado. Kabilang sa kontak ang pagtanggap ng mga suweldo mula sa mga pinagtatrabahuhan na may negosyo sa Washington, may mga ari-arian sa Washington, atbp. Dapat na may sapat na kontak sa Estado ng Washington ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata para makasingil ng sustento ang DCS.

Kung ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay naninirahan sa ibang estado at wala siyang kontak sa Estado ng Washington, at kayo ay naninirahan sa Estado ng Washington, puwedeng gawin ng DCS ang mga sumusunod.

1. Sikaping magtatag ng kapangyarihan para sa kaso at singilin ang sustento alinsunod sa Batas ng Estado ng Washington.

2. Hilingin sa estado na naninirahan ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata na singilin ang sustento. Gagawin ng estadong iyon ang naaalinsunod sa kanilang batas.

3. Ipadala ang kaso sa isang prosecuting attorney para magharap ng sakdal.

Ibinabatay ng DCS sa isang amortization table ang mga utang na halaga o sa halagang itinakda sa inyong utos ng sustento. Kung minsan ay hindi kayang bayaran ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ang buong halaga na nakalista sa amortization table. Sa mga kasong iyon, ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay puwedeng makipag-areglo na bayaran ang kasalukuyang sustento at magbayad ng maliit na halaga buwan-buwan para sa utang nakaraang utang sa sustento. Kayo ay walang karapatang tumutol sa halaga ng mga bayad sa utang na sustento na itinakda ng DCS.

Kung kayo ay may isang utos ng sustento na pinahihintulutan ang DCS na magpadala ng isang ***Utos/Notisya ng Pagbawas sa Kita Para sa Sustento para sa Bata***, ang DCS ay magpapadala ng isang ***Patalastas Tungkol sa Utang na Sustento at Paghiling ng Bayad*** sa magulang na hindi tagpaga-alaga ng (mga) bata. Nakasulat sa ***Patalastas Tungkol sa Utang na Sustento at Paghiling ng Bayad*** ang halaga ng sustento at binibigyan nito ang DCS ng kapangyarihang magpadala ng isang ***Utos/Notisya ng Pagbawas sa Kita Para sa Sustento para sa Bata***.

1. Kung kayo ang inutusan ng hukuman na magbayad sng sustento, kayo ay padadalhan ng DCS ng kopya ng patalastas na sinasabi ang halaga ng sustento. Kung kayo ay tumanggap ng kopya at kayo ay hindi sumasang-ayon sa halagang nakasulat sa patalastas, puwede kayong humiling ng isang pagdinig.

2. Ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay puwedeng humuling ng isang Conference Board (isang hindi pormal na pagdinig) para labanan ang mga kondisyon ng patalastas na sinasabi ang halaga ng sustento. Kayo ay puwedeng dumalo at sumali sa Conference Board.

3. Kung kayo ay humiling ng isang pagdinig at ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay humuling ng isang Conference Board, puwede kayong magpasiya kung nais ninyo ng isang pagdinig o ng isang Conference Board.

Sa anumang pagdinig para magtatag, ipatupad, o baguhin ang isang utos ng sustento, ang DCS ay puwedeng magpadala sa pamamagitan ng first class mail ng mga nakasulat na patalastas sa mga panig sa utos. Puwedeng ipadala ng DCS ang mga patalastas na ito sa huling alam na mga direksiyon ng mga panig. Kung kayo ay patatalastasan ng DCS, ito ay maaaring maging isang pangwakas na utos na walang karagdagang pagpapatalastas sa inyo. Ang isang hukuman o Hukom para sa Batas Administratibo ay maaaring pagbigyan ang petisyon na humihiling ng pagbabago ng utos ng sustento dahil ang isang panig ay hindi sumipot sa isang pagdinig na nauukol sa mga pagbabago sa utos ng sustento. Maisasaagawa ito kahit na hindi mapapatunayan ng DCS na ang panig na hindi sumipot ay nakatanggap nga ng patalastas ng pagdinig na ipinadala sa pamamagitan ng first class mail sa huling alam na direksiyon ng panig na iyon.

Ang DCS ay hindi nagtatatag o nagpapatupad ng kung kanino mapupunta ang mga bata, o ng mga kondisyon para sa pakikipag-kita sa mga bata.

MGA SERBISYONG PANININGIL

Sisikapin ng DCS na:

1. Singilin ang kasalukuyan at utang (kung mayroon man) na sustento.
   - Ang DCS ay maaaring pumasok sa isang pansamantalang kasunduan na pinapayagan ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata na magbayad ng mas maliit sa buwanang halaga ng kasalukuyang sustento na nakalisata sa inyong utos ng sustento. Ang DCS ay ginagamit lamang ang programang ito kapag ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay hindi makakabayad ng buong halaga ng kasalukuyang sustento at siya ay kasali sa isang programa ng pagsasanay para makapaghanap ng trabaho. Habang tumatagal ay tumataas ang mga bayad para makuha ng DCS ang kasalukuyan at utang nakaraang utang sa sustento.
2. Singilin ang interes sa utang na sustento. Gagawin lamang ito ng DCS kung kayo ay may utos ng sustento o hatol ng isang hukuman ng estado o tribal court na sinasabi ang kabuuang halaga ng natipong interes.
3. Singilin ang mga gastos para sa pagpapa-alaga ng (mga) bata, kung inuutos sa inyong utos ng sustento.
4. Singilin ang sustento sa asawa (alimony), kung inuutos sa inyong utos ng sustento. Ang DCS ay hindi nagtatakda kung magkano ang sustento sa asawa.
5. Ipatupad ang mga inuutos na sustentong pangmedikal. Ang DCS ay hindi maniningil ng mga gastos pangmedikal na hindi sakop ng insurance maliban kung kayo ay may hatol ng isang hukuman ng estado o tribal court na sinasabi ang tiyak na halagang dolyar.
6. Ipatupad ang sustento sa pagpapa-aral sa kolehiyo ng mga bata na ipinagpapatuloy ang kanilang pag-aaral pagkatapos nila sa mataas na paaralan. Ang isang hukuman ng estado o tribal court lamang ang puwedeng mag-utos ng ganitong klase ng sustento. Ang DCS ay hindi nagtatatag ng ganitong klase ng sustento.

Hindi ninyo kailangang hilingin na gawin ng DCS ang mga nakalista sa seksiyong ito. Ginagawa ng DCS ang mga kailangang gawin para sa inyong kaso. Gayon pa man, baka sakaling makatuklas kayo ng bagong impormasyong na makakatulong sa DCS na singilin ang inyong sustento. Kung kayo nga ay makatuklas ng bagong impormasyon, dapat ninyong sabihin ito sa DCS. Isama ang mga sumusunod na impormasyon sa lahat ng inyong sulat sa DCS.

1. Ang inyong pangalan, direksiyon, numero ng telepono, at numero ng kaso.
2. Ang pangalan at numero ng Social Security (kung alam ninyo) ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata.

ANG PAGGAMIT BILANG BAYAD NG ISINAULING PERA NA BINAYAD SA GOBYERNO PEDERAL PARA SA BUWIS SA KITA

Kung alam ng DCS ang numero ng Social Security ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata at nakaraang ng inyong kaso ang lahat ng mga sumusunod na pamantayan, sasabihin ng DCS sa Internal Revenue Service (IRS) kapag ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay may utang na sustento pinadadala ng IRS sa DCS ang mga isinauling pera na binayad sa buwis ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata para pambayad sa utang na sustento.

1. Itinatakda ng utos ng sustento ang nakaraang utang sa sustento.
2. Ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay may kabuuang utang na sustento na nagkakahalaga ng $500 o higit pa at inuutusan siyang bayaran ang kasalukuyang sustento sa bata sa 31 ng Disyembre ng taon ng pagbayad. Kung hindi alam ng DCS ang halaga ng kabuuang utang na sustento, puwedeng itakda ng DCS ang utang sa natipong halaga magmula ng tanggapin ng DCS ang inyong kaso.
3. Ang inyong mga anak ay wala pa sa hustong gulang sa 31 ng Disyembre ng taon ng pagbayad.

Kung kayo ay tumanggap sa nakaraan ng tulong pambayan, gagamitin ng DCS ang mga isinauling pera ng IRS para pambayad muna ng utang sa Estado ng Washington.

Kung ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay may kasamang ibang tao sa kanyang pag-file ng ulat ng kita, puwedeng hawakan ng DCS ng anim na buwan ang perang isinauli bago ipadala ang pera sa inyo. Puwedeng hawakan ng DCS ang isinauling pera para bigyan ng pagkakataon ang panig na kasamang nag-file ng ulat ng kita na kunin ang kanyang bahagi ng isinauling pera.

PAGKAKAPAMAHAGI NG BAYAD

May mga mahigpit na patakaran ang gobyerno pederal at ang estado tungkol sa pamamahagi ng mga bayad sa sustento. Gagamitin ng DCS ang petsang natanggap ang mga bayad para pagpasiyahan kung paano gagamitn ang pera para sa sustento. Ang alinman sa magkabilang panig sa utos ng sustento ay hindi makakapili kung para sa anong panahon dapat saklaw ang bayad na iyon.

1. Gagamitin ng DCS ang mga pera na tinatanggap bawa't buwan para sa kasalukuyang sustento para sa buwang iyon.
2. Pagkatapos gamitin ng DCS ang bayad para sa kasalukuyang sustento, gagamitin ng DCS ang anumang natitirang pera para sa nakaraang utang sa sustento.
3. Kung ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay may utang na kasalukuyang sustento sa higit pa sa isang pamilya, gagamitin ng DCS ang pera para sa lahat ng kasalukuyang kaso ng sustento bago gamitin ang anumang pera para sa utang na sustento. Kayo o ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay hindi puwedeng magsabi sa DCS kung paano ipamamahagi ang mga bayad.
   - May isang eksepsiyon sa patakarang nakasulat sa itaas. Puwedeng sabihin ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata kung paano ipamamahagi ang mga bayad sa mga kasong Payment Services Only (PSO). Ang PSO ay iyong mga kaso na itinatala at pinamamahagi ang bayad pero hindi nagpapatupad ng isang utos ng sustento.

Ipadadala sa inyo ng DCS ang mga kasalukuyang sustento sa bata. Asahan ninyong matanggap ang inyong pera sa 3 hanggang 5 araw pagkatapos matanggap ng DCS ang bayad. Kung kayo ay nagpalista para sa direct deposit, deretsong ididiposito ng DCS ang bayad sa inyong account sa bangko sa pamamagitan ng Electronic Funds Transfer (EFT). Kung kayo ay walang direct deposit at gusto ninyo ng serbisyong ito, tawagan ang numero ng telepono ng EFT na nakasulat sa pahina 6.

Ang mga bayad para sa utang na sustento ay puwedeng mapunta sa inyo o puwedeng hindi mapunta sa inyo.

1. Kung kayo at ang inyong mga anak ay hindi tumanggap kailanman ng tulong pambayan, ipadadala sa inyo ng DCS ang pera.
2. Kung kayo ay tumanggap ng tulong pambayan at walang nakatalagang utang sa ibang estado, ipadadala sa inyo ng DCS ang pera.
3. Kung kayo ay tumanggap ng tulong publiko nang nakaraan, ang DCS ay ipamamahagi ang natanggap na huling sustento mula sa:

   a. Mga pinagmulan maliban sa IRS ayon sa sumusunod.

      (1) Panguna, sa mga huling sustento na utang sa inyo pagkatapos huminto ang pagtanggap ninyo ng kaloob na tulong publiko.

      (2) Pangalawa, sa mga huling sustento na utang para sa mga takdang panahon bago kayo tumanggap ng kaloob na tulong publiko (kung nagsimula kayong tumanggap ng kaloob noong o makalipas ang Oktubre 1, 1997). Kukunin ng DCS ang mga bayad na ito upang bayaran ang estado at pederal na pamahalaan para sa mga kaloob na tulong publiko ng ibinayad sa inyo.

      (3) Pangatlo, sa mga huling sustento na utang para sa mga takdang panahon nang kayo ay tumanggap ng kaloob na tulong publiko at/o para sa mga takdang panahon bago kayo nagsimulang tumanggap ng kaloob na tulong publiko (kung kayo ay tumanggap ng kaloob bago Oktubre 1, 1997). Kukunin ng DCS ang mga bayad na ito upang bayaran ang estado at pederal na pamahalaan para sa mga kaloob na tulong publiko na ibininayad sa inyo.

   b. IRS ayon sa sumusunod:

      (1) Panguna, sa mga huling sustento na utang para sa mga takdang panahon nang kayo ay tumanggap ng kaloob na tulong publiko at/o para sa mga takdang panahon bago kayo nagsimulang tumanggap ng kaloob na tulong publiko (kung kayo ay tumanggap ng kaloob bago Oktubre 1,1997). Kukunin ng DCS ang mga bayad na ito upang bayaran ang estado at pederal na pamahalaan para sa mga kaloob na tulong publiko na ibinayad sa inyo.

      (2) Pangalawa, sa mga huling sustento na utang para sa mga takdang panahon bago kayo tumanggap ng kaloob na tulong publiko (kung tumanggap kayo ng kaloob noong o makalipas ang Oktubre 1, 1997). Kukunin ng DCS ang mga bayad na ito upang bayaran ang estado at pederal na pamahalaan para sa mga kaloob na tulong publiko na ibinayad sa inyo.

      (3) Pangatlo, sa mga huling sustento na utang para sa mga takdang panahon pagkatapos huminto ang pagtanggap ninyo ng kaloob na tulong publiko. Kayo ang tatanggap ng mga bayad na ito.

4. Kung ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ay may nakaraang utang na sustento na higit pa sa isang pamilya, paghahatiin ng DCS nang pare-pareho sa mga pamilya ang perang natanggap.

Kung mali ang halaga ng natanggap ninyong sustento, kadalasan ay kailangan ninyong isauli ang sobrang halaga. Para makuha muli ang mga sobrang halaga na maling naibigay sa inyo, puwede naming ibawas sa inyong mga sahod ang sobrang halagang ito o puwede kaming magtali ng lien sa inyong mga ari-arian. Kayo ay patatalastasan ng DCS bago gawin ang mga ito. Puwede kayong humiling ng isang pagdinig kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa mga ginawa namin.

KUNG ANO ANG KAILANGAN NINYONG GAWIN

Sa oras na kayo ay humiling sa amin ng mga serbisyong pagpapatupad ng sustento, kailangan ninyong:

1. Ipadala sa DCS ang lahat ng bayad na natanggap ninyo nang deretso mula sa magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata. Kailangang may ulat ang DCS ng lahat ng bayad para maasikaso ang inyong kaso. Kung kayo ay tumatanggap ng mga bayad bago ninyo hiniling ang mga serbisyo ng DCS, kailangan ninyong bigyan ng sulat ang DCS na nakalista ang mga bayad na iyon. Kapag pinadalhan ninyo ang DCS ng mga bayad na natanggap ninyo nang deretso mula sa magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata, kayo ay padadalhan ng DCS ng hiwalay na tseke maliban kung kayo ay nagpalista para sa direct deposit.
2. Ibigay sa DCS o tulungan ang DCS na kumuha ng mga kopya ng lahat ng utos ng sustento na itinala para sa inyong kaso.
3. Ipaalam sa DCS kung kayo ay magbabago ng inyong direksiyon o numero ng telepono. Kailangan ng DCS ang impormasyong ito para maipadala sa inyo ang mga bayad at para matawagan kayo tungkol sa inyong kaso. Maaari kayong padalhan ng DCS ng mga patalastas sa pamamagitan ng first class mail.

4. Ipaalam sa DCS kung kayo ay kumuha ng isang abogado o ng pribadong ahensiya para maningil ng inyong sustento. Kailangan ninyong ibigay sa DCS and pangalan at direksiyon ng abogado o ng pribadong ahensiya. Kailangan ninyong sabihin sa DCS kung ano ang aasikasuhin ng abogado o ng pribadong ahensiya.

   a. Maaaring hindi masingil ng DCS ang inyong sustento habang nagtatangkang maningil ang isang abogado o pribadong ahensiya.

   b. Kung kayo ay kumuha ng abogado para baguhin ang inyong utos ng sustento, kayo o ang inyong abogado ay kailangang magpadala ng patalastas tungkol dito sa magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata at sa DCS.

5. Ipaalam kaagad sa DCS kung kayo ay nagsasamang muli ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata o kung ang mga bata ay lumipat ng kanilang tinitirahan. Kailangan ninyong bigyan ang DCS ng karagdagang impormasyon kapag hiniling ito sa inyo.

PAGPAPATIGIL NG MGA SERBISYO NG DCS

Kailangan ninyong ipaalam sa DCS sa pamamagitan ng sulat kung nais ninyong itigil ng DCS ang mga sebisyong ganap na paniningil. Kung kayo ay may utos ng sustento na inuutusan ang magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata na bayaran sa WSSR ang sustento, ititigil ng DCS ang mga serbisyong ganap na paniningil, gagawing payment services only ang inyong kaso, at ipaaalam ito sa magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata. Isasara ng DCS ang inyong kaso kung ang inyong utos ng sustento ay hindi inuutos ang pagbayad sa WSSR.

Kung kayo at ang inyong mga anak ay nagsasamang muli ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata, ititigil ng DCS ang paniningil ng kasalukuyang sustento. Ipapaalam sa inyo ng DCS ang tungkol sa mga pagbabago sa klase ng mga serbisyong tinatanggap ninyo.

MGA BATAS AT PATAKARAN NA MAY EPEKTO SA SUSTENTO SA BATA

Ang mga sumusunod na chapter ng Revised Code of Washington (RCW) at ng Washington Administrative Code (WAC) ang sumasakop sa mga serbisyong binibigay ng DCS.

RCW 26.18	WAC 388-11
RCW 26.21	WAC 388-13
RCW 26.23	WAC 388-14
RCW 74.20	
RCW 74.20A	

Maaaring naangkop ang batas ng mga katakdaan para sa utang na sustento sa bata. Kung naaangkop nga ito, puwedengg gamitin ng magulang na hindi tagapag-alaga ng (mga) bata ang batas ng mga katakdaan bilang pananggol na siya ay wala nang utang sa lahat o sa bahagi na utang na sustento sa bata.

MGA TAWAG SA TELEPONO

Tawagan ang "KIDS" automated telephone sa 1-800-442-5437 para makakuha ng impormasyon tungkol sa inyong kaso. Mangyaring gamitin ang sistemang ito nang madalas kung kinakailangan. Kung may isang bagay na hindi kaya ng "KIDS" system, tawagan ang tanggapan ng DCS na namamahala sa inyong kaso. Tandaan ninyo na ang mga tawag sa telepono ay nakakasagabal sa panahon na kinakailangan sa pagsingil sa inyong pera. Ang pagbabawas sa dami ng tawag sa telepono ay binibigyan ang DCS ng pagkakataong mas mabuting paglingkuran kayo.

Kung kailangan ninyong tawagan ang isang tanggapan ng DCS, gamitin ang mga numero ng telepono na nakalista sa ibaba. Mangyaring gamitin ang 800 na mga numero ng telepono para sa mga tawag na long distance lamang. Ang mga TTY/TDD ay magagamit ng mga taong may diperensiya sa pagsasalita o pandinig.

Seattle:	(206) 341-7000 o 1-800-526-8658
Tacoma:	(253) 597-3700 o 1-800-345-9976
Everett:	(425) 438-4800 o 1-800-729-7580
Spokane:	(509) 363-5000 o 1-800-345-9982
Kennewick:	(509) 734-2000 o 1-800-345-9981
Vancouver:	(360) 696-6100 o 1-800-345-9984
Wenatchee:	(509) 886-6800 o 1-800-535-1113
Yakima:	(509) 249-6000 o 1-800-441-0859
Olympia:	(360) 664-6900 o 1-800-345-9964

Kung kayo ay walang Electronic Funds Transfer at nais ninyong idiposito nang deretso ng DCS sa inyong account sa bangko ang mga bayad na sustento, tawagan ang 1-800-468-7422.

Walang sinuman ang pakikitunguhan nang masama sa trabaho, mga serbisyo, o anumang bahagi ng mga gawain ng programa dahil sa kanyang lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya, relihiyon, kasarian, gulang,o pagkabaldado.